



MGA KATANUNGAN NA MAAARI MONG ITANONG SA DOKTOR NG IYONG ANAK

TUNGKOL SA BAKUNA SA COVID-19

MGA PANGKALAHATANG KATANUNGAN

May mga pagkabahala ako tungkol sa bakuna sa COVID-19 para sa aking anak. Maaari ba natin itong pag-usapan nang magkasama?

Interesado akong matutunan ang higit pa tungkol sa bakuna sa COVID-19 para sa aking anak. Maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol dito?

Maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol sa proseso ng pag-apruba sa mga bakuna na para sa mga bata?

Gaano na karaming bata ang tumanggap na ng bakuna?

Ang proseso ay tila minadali; maaari mo bang sabihin sa akin kung paano ang proseso para sa bakunang ito ay naiiba mula sa ibang mga bakuna?

Ano ang naging proseso para makuha ang mga bakuna na awtorisado para sa mga bata?

Tumanggap ba ng bakuna ang anak mo?

Nagkakaroon ba ng COVID ang mga bata? Nagkakasakit ba ang mga bata mula sa COVID? Ano ang kalalabasan noon?

Nadinig ko na ang COVID ay hindi nakakaapekto sa mga bata. Totoo ba yon? Ano ang mga dahilan para bakunahan ang aking anak ngayon kaysa sa maghintay?

Nababahala ako sa myocarditis ko; maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol sa kondisyong ito sa puso at ang panganib ng kondisyon sa impeksyon ng COVID-19 at ng bakuna?

Makakakuha ba ng myocarditis ang anak ko kung magpapabakuna sila? Ano ang dapat kong tingnan?

Kung ang anak ko ay nagkaroon na ng COVID-19, kailangan pa ba nilang mabakunahan? Gaano katagal ako dapat maghintay bago magpapabakuna?

Paano gumagana ang mga bakunang mRNA?

TUNGKOL SA MGA DOSIS

Ano ang kaibahan sa pagitan ng dosis ng matanda at dosis ng mga bata?

Ano ang kaibahan sa pagitan ng dosis para sa 5-11 taong gulang at dosis na para sa 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang?

Ilang araw ang pagitan ng mga dosis?

Kailangan ba ng anak ko ang 2 dosis at isang pampalakas (booster) na dosis? Kailan namin dapat o kailan kailangan ang pampalakas na dosis?

MGA MEDIKAL NA PAGKABAHALA

Ang anak ko ay may _____, paano sila maaapektuhan ng bakuna sa ganitong sitwasyon?

Ang anak ko ay umiinom ng _____ na gamot. Naapektuhan ba ng bakuna ang gamot?

Narinig ko ang tungkol sa _____, maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol dito?

Dapat ko bang ikonsidera ang mas mahabang agwat sa pagitan ng mga dosis para sa aking mga tinedyer na edad 12 pataas?

MGA PANANDALIANG EPEKTO (SIDE EFFECTS)

Ano ang dapat kong asahan mula sa bakuna sa panandaliang panahon?

Ano ang mga normal na epekto ng pagpapabakuna?

Ano ang dapat kong bantayan pagkatapos ng unang dosis?

Ano ang dapat kong bantayan pagkatapos ng ikalawang dosis?

MGA PANGMATAGALANG EPEKTO (SIDE EFFECTS)

May mga pagkabahala ako tungkol sa mga pangmatagalang epekto ng bakuna sa aking anak. Maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol sa mga ito?

Maaari mo bang sabihin sa akin ang napag-alamang mga pangmatagalang epekto ng bakuna?

Ano ang mga pangmatagalang epekto ng pagbabakuna para sa mga bata?

PAANO KAKAUSAPIN ANG INYONG ANAK?

Hindi ko sigurado kung paano kakausapin ang aking anak tungkol sa bakuna sa COVID. May mga mungkahi ka ba?

Takot ang aking anak sa COVID? May mga mungkahi ka ba kung paano sila kausapin tungkol dito? At ang tungkol sa bakuna?

Takot ang aking anak sa mga turok, paano ko ihahanda ang aking anak para tanggapin ang bakuna?

PAGTANGGAP NG BAKUNA SA COVID KASABAY NG IBA PANG MGA BAKUNA

Ligtas ba para sa aking anak na magpabakuna sa COVID kasabay ng iba pang mga nakagawiang bakuna?

Inirerekomenda ba na magpabakuna sa COVID nang sabay sa iba pang mga nakagawiang bakuna?

